

Regulasyon 11-18

Pagtatasa ng Panganib sa Kalusugan at Plano sa Pagbabawas ng Panganib Mga Madalas Itanong

Ano ang Regulasyon 11-18?

Inaatasan ng Regulasyon 11-18 ang mga pasilidad na bawasan ang mga panganib sa kalusugan mula sa mga nakapirming pinagmumulan ng nakakalasang polusyon sa hangin. Nalalapat ang panuntunan sa mga pasilidad kung saan ang mga panganib sa kalusugan sa nakapaligid na komunidad ay lampas sa isang limitasyon (threshold) sa panganib sa kalusugan na tinatawag na antas ng pagkilos batay sa panganib (risk action level). Pinagtibay ng Air District ang [Regulasyon 11-18](#) noong Nobyembre 15, 2017.

Ano ang mga antas ng pagkilos batay sa panganib?

Ang mga antas ng pagkilos batay sa panganib ay mga limitasyon sa panganib sa kalusugan na itinakda ng Air District sa Regulasyon 11-18. Inaatasan ang mga pasilidad na may panganib sa kalusugan sa isang pasilidad na mas mataas sa isang antas ng pagkilos batay sa panganib na bawasan ang mga panganib sa kalusugan at gawing mas mababa ang mga ito kaysa sa mga antas ng pagkilos batay sa panganib. Ang mga antas ng pagkilos batay sa panganib ay:

- Posibilidad na magkaroon ng kanser na 10 sa isang milyon o higit pa,
- Index ng chronic na panganib na 1.0 o higit pa, o
- Index ng acute na panganib na 1.0 o higit pa.

Ang pang huling antas ng pagkilos batay sa panganib na nasa Regulasyon 11-18 ang pinakamahihigpit sa bansa.

Ano ang Pagtatasa ng Panganib sa Kalusugan (Health Risk Assessment, HRA)?

Ang pagtatasa ng panganib sa kalusugan, o HRA, ay isang siyentipikong kagamitan na idinisenyo para tulungan ang Air District na matukoy kung aling mga posibleng panganib mula sa mga pasilidad ang may pinakamalaking epekto sa isang komunidad. Ginagamit ang mga resulta ng HRA para matukoy kung saan dapat ituon ang mga pagsisikap at mapagkukunan para maganda ang kalidad ng hangin at maprotektahan ang pampublikong kalusugan. Hindi magagamit ang mga siyentipikong paraan na ginagamit sa HRA para maiugnay ang mga indibidwal na karamdaman sa mga pagkakalantad sa kemikal.

Tinatantya ng HRA ang pagdami ng mga panganib sa kalusugan para sa mga taong nakatira, nagtatrabaho, o pumapasok sa isang paaralan na malapit sa isang pasilidad na posibleng magresulta sa pagkakalantad sa mga emisyon ng mga nakakalasang polusyon sa hangin ng isang pasilidad. Gumagamit ang mga HRA ng programa sa computer na tinatawag na modelo sa pag-kalat ng hangin para matantya kung paano umiikot ang mga emisyon ng isang pasilidad sa nakapaligid na komunidad. Para sa bawat posibleng lokasyon ng komunidad, kinakalkula ang mga epekto sa kalusugan gamit ang naka-gawiang pamantayan na impormasyon tungkol sa mga rate ng paghinga, pang-araw-araw na aktibidad, at pagiging nakakalason na polusyon, na inilalathala ng California Office of Environmental Health Hazard Assessment).

Anong mga uri ng mga panganib sa kalusugan ang isinasaalang-alang?

Tinatantya ng mga HRA ng Air District ang tatlong uri ng mga epekto sa kalusugan:

1. Posibilidad na magkaroon ng kanser,

2. Mga epekto sa kalusugan na hindi kanser dahil sa mga pangmatagalang pagkakalantad (na tinatawag na index ng chronic na panganib), at
3. Mga epekto sa kalusugan na hindi kanser dahil sa mga panandaliang pagkakalantad (na tinatawag na index ng acute na panganib).

Ano ang posibilidad na magkaroon ng kanser?

Ang posibilidad na magkaroon ng kanser ay ang pagtataya sa tsansang magkaroon ng kanser ang indibidwal habang siya ay nabubuhay. Kapag sinabing 10 sa isang milyon ang posibilidad na magkaroon ng kanser, ibig sabihin, may karagdagang posibilidad ang isang indibidwal na 10 tsansa sa isang milyon (0.001%) na magkaroon ng kanser habang siya ay nabubuhay bilang resulta ng sinusuring sitwasyon sa polusyon sa hangin.

Ano ang index ng panganib (mga epekto sa kalusugan na hindi kanser)?

Ang index ng panganib ay isang pagtataya sa posibilidad na makaranas ang isang indibidwal ng mga epekto sa kalusugan na hindi kanser (hal., cardiovascular, neurological, respiratory, atbp.). Tinatantya ng index ng acute na panganib ang posibilidad na makaranas ang isang indibidwal ng mga epekto sa kalusugan na hindi kanser kapag nalantad siya sa isang nakakalasang concentration ng polusyon sa loob ng isang oras. Tinatantya ng index ng chronic na panganib ang posibilidad na makaranas ng mga epekto sa kalusugan na hindi kanser kapag nalantad ang isang indibidwal sa isang nakakalasang konsentrasyon ng polusyon sa loob ng isang taon o higit pa. Kapag wala pang 1.0 ang index ng panganib, ibig sabihin, maliit lang ang posibilidad na makaranas ang mga tao ng anumang epekto sa kalusugan na hindi kanser.

Ano ang ibig sabihin ng mga resulta ng pagtatasa ng panganib sa kalusugan para sa pampublikong kalusugan?

Ipinapakita ng mga pagtatasa ng panganib sa kalusugan ang pinakamalalaking panganib sa kalusugan mula sa mga nakapirming pinagmumulan ng polusyon sa isang pasilidad para sa isang theoretical na indibidwal na nakatira, nagtatrabaho, o pumapasok sa isang paaralan na malapit sa pinakamalalang kaso ng pagpapalagay sa pagkakalantad. Ginagamit ang impormasyon ng pagtatasa ng panganib sa kalusugan para matukoy kung saan at paano mababawasan ang mga panganib sa kalusugan.

Ang mga HRA ng Regulasyon 11-18 ay **hindi kinabibilangan** ng mga naililipat na pinagmumulan (mga sasakyan, trak, o gamit sa kalsada) ng polusyon na nauugnay sa isang pasilidad, hindi nagpapakita ng mga pinagsama-samang epekto mula sa maraming magkakalapit na pasilidad, at hindi kinabibilangan ng trapiko sa kalsada o iba pang pinagmumulan ng transportasyon sa lugar. Direktang nakikipagtulungan ang Air District sa mga komunidad para ma-target ang mga uring ito ng mga panganib sa kalusugan at pagbabawas ng panganib sa pamamagitan ng Programa ng Komunidad sa Proteksyon sa Kalusugan.

Ano ang makabuluhang pinagmumulan ng panganib?

Ang makabuluhang pinagmumulan ng panganib ay anumang nakapirming pinagmumulan na may posibilidad na magdulot ng kanser na isa sa isang milyon o higit pa, index ng chronic na panganib na 0.2 o higit pa, o index ng acute na panganib na 0.2 o higit pa, alinsunod sa HRA ng Regulasyon 11-18.

Anong mga estratehiya ang kinakailangan para mapabuti ang mga kahihinatnan sa kalusugan?

Dapat gawin ng anumang pasilidad na may panganib sa kalusugan na nasa, o mas mataas sa isang antas ng pagkilos batay sa panganib ang sumusunod, bawasan ang kanilang kabuuang panganib sa kalusugan mula sa mga nakapirming pinagmumulan at gawing mas mababa ang mga ito sa lahat ng antas ng pagkilos batay sa panganib, o ipakitang ang pinakamahuhusay na available na retrofit na kontrol sa emisyon para sa mga nakakalasang bagay o Pinakamahuhusay na Available na Retrofit na Pangkontrol na Teknolohiya para sa Mga

Nakakalasang Bagay (Best Available Retrofit Control Technology for Toxics, TBARCT) ang ginagamit ng lahat ng makabuluhang pinagmumulan ng panganib. Dapat gumawa at magpatupad ang mga apektadong pasilidad ng mga plano sa pagbabawas ng panganib (Risk Reduction Plan, RRP). Ang mga pag-iingat para sa pagbabawas ng panganib ay kinabibilangan ng kagamitan para sa pagpapababa (abatement equipment), mga pagbabago sa mga proseso o operasyon, pag-lipat ng mga pinagmumulan o iba pang modipikasyon sa kanilang pasilidad na pagbabawas sa pagkalantad ng komunidad sa polusyon sa hangin.

Ano ang Plano sa Pagbabawas ng Panganib (RRP)?

Ang plano sa pagbabawas ng panganib ay isang dokumentong naaprubahan ng Air District na nagsasaad sa mga pag-iingat para sa pagbabawas ng panganib na pinaplanong ipatupad ng pasilidad. Ang mga hakbang sa pagbabawas ng panganib na ito ay dapat na magpakita na lahat ng mga nakapirming pinagmumulan ng pangkalusugang panganib mula sa pasilidad ay nabawasan sa ibaba ng mga antas ng risk action levels o ang bawat makabuluhang mapagkukunan ay nakakamit ang TBARCT

Kailan kailangan ng isang pasilidad na magsumite ng RRP?

Kailangan ng isang pasilidad na magsumite ng isang RRP kung ang panghuling HRA ay natukoy na lumampas sa antas ng risk action levels at naging panganib sa kalusugan. **Aabisuhan ang pasilidad, sa pamamagitan ng pagsulat, na kailangan ng RRP kasabay ng pagpapaskil sa huling HRA.** May anim na buwan ang pasilidad para magsumite ng draft na RRP.

Sino ang sumusuri at nag-aapruba sa RRP?

Susuriin ng Air District ang draft na RRP ng pasilidad para matiyak na kumpleto ito at na makakatugon ang mga iminumungkahing hakbang para sa pagbabawas ng panganib sa mga kinakailangan sa Regulasyon 11-18. Gagawing available ng Air District ang draft na RRP para sa pampublikong komento. Isasaalang-alang ang lahat ng komento sa plano bago gumawa ang Air District ng pang wakas na aksyon sa plano.

Ano ang TBARCT?

Ang TBARCT ay ang pinakamahusay na available na retrofit na pangkontrol na teknolohiya para sa mga nakakalasang bagay at inilalarawan sa Regulasyon 11-18-204. Ang TBARCT ay isang mahigpit na pangkontrol na teknolohiya o limitasyon sa emisyon na nakamit para sa isang uri ng pinagmumulan o na posible para sa isang uri ng pinagmumulan kapag isinasalang-alang ang mga gastusin para sa mga retrofit na kontrol at iba pang epekto sa kalusugan, kapaligiran, o enerhiya.

Anong mangyayari kapag naaprubahan ang isang RRP?

Dapat magsumite ang pasilidad ng mga taunang ulat sa Air District na naglalarawan sa progresong nagawa patungo sa pagpapatupad sa RRP hanggang sa maipakitang ganap na nasusunod ang mga kinakailangan sa pagbabawas ng panganib ng Regulasyon 11-18. Sa yugtong ito ng pagpapatupad, dapat isumite ng pasilidad ang anumang aplikasyon para sa permit na kinakailangan para sa kagamitang pagpapababa (abatement equipment) o iba pang pagbabago sa pasilidad para mabawasan ang nakakalasang polusyon sa hangin na nakadadagdag sa mga panganib sa kalusugan.

Kailan mababawasan ang mga panganib sa kalusugan?

Kapag naaprubahan na ng Air District ang plano sa pagbabawas ng panganib, sa pangkalahatan, dapat gawin ng pasilidad ang lahat ng pag-iingat para sa pagbabawas ng panganib sa loob ng limang taon matapos maaprubahan ang plano. Kung may mga matutukoy na isyu sa teknikal na feasibility o problema sa ekonomiya, posibleng palawigin ng Air District ang panahong ito ng pagpapatupad.

Saan ko makikita ang mga dokumento ng HRA at RRP?

Isinasaad ng web site ng Air District (<https://www.baaqmd.gov/community-health/facility-risk-reduction-program/facility-risk-reduction-list>) ang mga pasilidad na kasalukuyang sinusuri ng mga tauhan ng Air District para sa Regulasyon 11-18. Magpapaskil ng draft na ulat ng HRA sa bawat pasilidad sa oras na makumpleto ito. Tinutukoy ng draft na ulat na ito ng HRA ang mga panganib sa kalusugan ng pasilidad, pinagmumulan ng makabuluhang panganib, at kinakailangan sa pagbabawas ng panganib. Iniimbitahan ang publiko na magbigay ng mga komento sa bawat ulat ng HRA.

Kung kailangan ng pagbabawas ng panganib, aatasan ang pasilidad na magsumite ng plano sa pagbabawas ng panganib (RRP) para sa pag-apruba ng Air District. Ipapaskil din ang RRP sa mga lokasyon na nakasaad itaas. Magkakaroon din ang publiko ng pagkakataong magbigay ng mga komento sa mga planong ito.

Paano ako puwedeng patuloy na makibahagi?

Mag-subscribe sa mga abisong matatanggap sa email tungkol sa mga aktibidad sa Regulasyon 11-18 sa: <https://www.baaqmd.gov/community-health/facility-risk-reduction-program>

Tukuyin ang mga interesanteng pasilidad gamit ang talahanayan sa website kung saan puwedeng maghanap sa:

<https://www.baaqmd.gov/community-health/facility-risk-reduction-program/facility-risk-reduction-list>

Magbigay ng mga komento tungkol sa mga ulat ng HRA at RRP. Posibleng magsumite ng mga komento online, sa pamamagitan ng email, o sa pamamagitan ng pagsulat sa Contact ng Air District na nakasaad sa site.